

**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s
SPEECH AT THE PRESIDENTIAL ASSISTANCE TO FARMERS,
FISHERFOLK AND FAMILIES IN SULTAN KUDARAT**

Isulan, Sultan Kudarat
May 10, 2024

[00:00:03]

Maraming salamat sa Kalihim ng Department of Agriculture, Secretary Kiko Laurel.

Magsiupo ho kayo.

Nandito rin po, kasama din po natin ang Secretary ng DILG, Secretary Benhur Abalos; [applause] at siguro, ang lagi ninyong inaantay para magdala ng tulong at pagka nagka-problema, kagaya ngayon na nasa krisis tayo, ang nangungunang departamento, ang Department of Social Welfare and Development, at nandito po ang ating Secretary, Secretary Rex Gatchalian. [applause]

Ang masyadong busy sa mga isyu tungkol, hindi lamang sa national government, pero lalong-lalo na nagko-concentrate lalo dito sa lahat ng mga BARMM provinces, lahat ng mga Mindanao provinces, ang ating Special Assistant, Secretary Anton Lagdameo. [applause]

At ang tumutulong po sa atin dahil po napakahalaga dito sa bagong panahon na ang ating mga manggagawa ay kailangan natuturuan ng mga bagong mga pangangailangan dito sa labor market, hindi lamang dito sa Pilipinas at sila'y nagtuturo nagte-training, nagbibigay ng livelihood, ang TESDA, at ang TESDA Secretary, Secretary, Datu Teng Mangudadatu. [applause]

And the First District Representative ng Sultan Kudarat, Princess Rihan Sakaluran; [applause] Maguindanao del Sur Lone District Representative Datu Mohamad Paglas; [applause] and, of course, ang ating --- nagbigay ng napaka-magandang talumpati, ang ama ng lalawigan ng Sultan Kudarat, Governor Datu Pax Ali Mangudadatu. [applause]

Kasama rin natin ang Governor ng probinsya ng Maguindanao del Sur Bai Mariam Sangki-Mangudadatu; [applause] nandito rin, sumama rin sa atin, kasama namin sa lahat ng byahe ngayon, ang gobernador ng Cotabato, Governor Lala Taliño-Mendoza; [applause] ang ating mga kasamahan sa pamahalaan; lahat ng ating mga mayor, mga local government official na nandito ngayon na kasama natin; ang iba't ibang mga bisita na nakadalo; at sa ating mga magiging benepisyaryo dito sa ating pagbigay ng tulong; ladies and gentlemen. Magandang umaga po sa inyong lahat. [applause]

[00:03:35]

Kahapon po lamang ay nagpunta ako sa Zamboanga City upang personal na mag-abot ng tulong sa mga nasalanta ng tagtuyot. Sa araw na ito, hindi lang Sultan Kudarat ang ating bibisitahin, pupunta rin tayo --- babalik ako sa GenSan. At ganoon din ay bibigyan natin ng tulong ang ating mga kasamahan lalo na iyong mga magsasaka, mga fisherfolk na talagang ay nahihirapan dahil itong pinagdadaan natin, ang nararanasan natin na tagtuyot na dala ng El Niño.

May nakapagsabi sa akin na kung nandito ka sa Sultan Kudarat, parang namasyal ka na rin sa Ilocos Norte. [applause] Kasi maraming taga-rito... Nagadu ti Ilocano ditoy Sultan Kudarat. (Ang daming Ilocano dito sa Sultan Kudarat) [applause] Naimbag nga bigat yu apo, kailan. (Magandang umaga sa inyo mga kababayan ko.)

Nanawagan ako noong halalan ng pagkakaisa o aming tinawag na unity bilang susi sa ating pagsulong at ating pag-unlad. Alam ko na hindi lamang ito teorya. Hindi lamang ito campaign slogan, kung hindi ito talaga ang nagiging solusyon para natin matugunan ang mga suliranin na hinaharap ng Pilipinas, sapagkat dito sa Sultan Kudarat napatunayan natin na ang magandang naidudulot ng pagkakaisa ng lahat ng mga mamamayan.

Kayo ang buhay na pruweba na puwedeng mamuhay ng matiwasay ang mga mamamayang iba't iba ang relihiyon o sari-sari ang rehiyong pinagmulan.

Ang resulta nito ay hindi lang mapayapang lipunan, ngunit isang maunlad na ekonomiya. Isang asensadong Sultan Kudarat na payapa at progresibo. Subalit mayroon tayong isang matinding kalabang kinakaharap ngayon, ang El Niño.

Dito kailangan nating mas pinaigting angpagkakaisa upang tayo ay manaig at magtagumpay. Kaya ito ang pakay ko ngayon dito sa inyo. Hindi lang maghahatid ng tulong pero magbibigay ng pangako: Na kasama ninyo ang pamahalaan sa paglaban sa masamang epektong dulot ng El Niño.

[00:06:18]

Sa Bagong Pilipinas, nagkakaisa po ang pamahalaan upang sabay-sabay nating mapagtagumpayan ang mga unos at pagsubok na ating nararanasan.

Batid po naming hindi lamang ang mga sakahan at palaisdaan ang lubos na nasalanta ng matinding tagtuyot, kung hindi pati na rin ang buhay ng ating mga kababayan na umaasa sa mga ito.

Kaya naman po, pangungunahan natin ang pamamahagi sa ating mga magsasaka, sa ating mga mangingisda, sa kanilang pamilya ng presidential assistance na nagkakahalaga ng sampung-libong piso bawat benepisyaryo. [applause]

Alam niyo po dahil marami po tayong programa sa DSWD. Mayroon tayong programa sa Department of Agriculture, mayroon tayong mga programa, iyong TUPAD naman sa DOLE upang tumulong. Ngunit ay nakita ko kapag umiikot ako sa buong Pilipinas, sabi ko, baka mayroon pa rin tayong maidagdag doon sa mga ibinibigay ng mga iba't ibang ahensya ng pamahalaan.

Kaya't ang aming ginawa ay sinabi ko, mayroon naman tayo, mayroon tayong makukuha sa Office of the President na gagamitin nating pondo para makapagdagdag, makapagdagdag tulong sa mga talagang natamaan.

Kaya naman ay ito po ay --- kaya sabi ko dalhin natin ito sa taong bayan, puntahan natin ang mga lugar na talagang nahirapan at sabihin natin tuloy-tuloy lahat ng programa ng pamahalaan. Ngunit, siguro kailangan din ay mabigyan din, tumulong din ang Office of the President kaya po nandito pa kami ngayon para magbigay ng tulong na nanggaling sa mismong opisina ng inyong Pangulo. [applause]

Bukod pa ito sa tulong na ipamamahagi ng DA na limang libong pisong ayuda para sa ating mga magsasaka sa ilalim ng Rice [Competitiveness] [sic] Enhancement Fund or RCEF, ito, Rice Farmers Financial Assistance. Hindi lamang cash assistance, may binhi, fertilizer, pumping equipment, iba pang makinarya.

Sa tulong naman ng DSWD, mamamahagi tayo ng sampung libong pisong ayuda sa ilalim ng Assistance to [Individuals in] [sic] Crisis Situation Program o AICS. [applause] Patuloy din tayong mamamahagi ng food packs para sa mga nasalanta ng malawakang tagtuyot.

[00:09:11]

Nandito rin ang iba pang mga ahensya tulad ng DOLE na mamamahagi ng humigit-kumulang na apat na libong pisong ayuda para sa limang daan walumpu't tatlo na benepisyaryo sa ilalim ng Tulong Panghanapbuhay sa ating Disadvantaged [Displaced Workers] [sic] o ang tinatawag na TUPAD Program; ang DTI naman, Department of Trade and Industry, ay magbibigay ng grant certificate na may kabuuang halaga ng 940,000 pesos, halos isang milyon para sa tatlong samahan ng magsasaka; at TESDA, mamamahagi naman ng 21 livelihood toolkits at allowance para sa kanilang mga iskolar. [applause]

Mamamahagi rin --- kagaya ng nabanggit ng ating butihing gobernador, mamamahagi rin ang ating House Speaker ng limang kilong bigas para sa mga naririto ngayon. [applause]

Ang pagbisita namin ngayon ay upang damayan kayo ngayong panahon ng krisis na matiyak na makakarating ang ayuda at serbisyo ng pamahalaan sa inyo na tunay nagsisikap para sa pamilya at para sa bayan.

Lubos ang aking paghanga sa patuloy ninyong pagtiyaga upang matupad ang inyong mga hangarin at maging susi sa tuluyang pagbabago ng ating lipunan.

Nawa'y gamitin natin— ninyong kasangkapan ang mga tulong na ibinabahaagi namin ngayon upang mapabilis ang inyong pagbangon at maibalik ang sigla ng inyong mga sakahan at palaisdaan.

Kung sama-sama tayong magtutulungan sa pagtupad ng isang Bagong Pilipinas, naniniwala ako na sabay-sabay din tayong makakarating sa isang mas maliwanag, mas masagana at mas maginhawang kinabukasan para sa ating lahat, para sa mga sumusunod sa atin, ang ating mga anak, ang ating mga apo, kung para kanino ginagawa natin ito lahat.

Kaya po, asahan po ninyo na kami po --- hindi lang po ito minsanan po na pagbigay ng tulong, patuloy po ito. Ito'y isang bahagi lamang ng malawakang programa upang tiyakin na ang mga nasalanta, ang mga naging biktima, ang mga nahihirapan dahil sa tagtuyot na dala ng El Niño ay patuloy na nasusuportahan. Andito po, asahan po ninyo na ang inyong pamahalaan, ang pamahalaan ninyo, mula sa local government official, mula sa ating mga legislator, sa Congress natin, mula sa Office of the President ay patuloy ang

aming pagtingin at pag-monitor sa inyong kalagayan nang matiyak natin na wala namang mahihirapang masyado at kung sino man ang nangangailangan ay nandito po kami na tutulong para sa inyo.

Andito po ang inyong pamahalaan. [applause] Hindi po kayo namin kinakalimutan. Lagi kaming nakabantay sa inyong kalagayan at asahan ninyo lahat ng kayang gawin ng inyong pamahalaan ay gagawin upang maging mas maginhawa ang inyong mga buhay.

Maraming salamat po at magandang umaga po sa inyong lahat. [applause]
[00:12:53]



BAGONG PILIPINAS